

TENDERLOIN

COMMUNITY ACTION PLAN



Tenderloin Newsletter

March 2024



Mahal na mga residente at komunidad ng Tenderloin,

Salamat sa pagsubaybay sa **Tenderloin Community Action Plan** (TCAP, Plano ng Pagkilos ng Komunidad ng Tenderloin), isang kolaborasyong hatid ng kapitbahayan sa pagitan ng mga residente, organisasyon sa komunidad, negosyo, katuwang na non-profit, na pinamumunuan ng San Francisco Planning sa malapit na pakikipagtulungan ng marami pang ibang mga ahensya ng Lungsod. Labis-labis naming ikinagagalak na ibahagi ang ating pag-unlad pinakakamakailan sa ating minamahal na Tenderloin. Kasama sa kauna-unahan nating newsletter sa 2024 ang ilang pangunahing yugto:

- **Paglabas ng Pagsusuri sa Puwang ng mga Serbisyo sa mga Kabataan sa Tenderloin**
- **Aplikasyon para sa Working Group sa Pampublikong Espasyo**
- **Paglulunsad ng una sa tatlong Gawad sa Maliliit na Negosyo ng TCAP**

Sinimulan natin ang bagong taon kasama ang **Paglalabas ng Balita** ni Mayor London N. Breed hinggil sa pag-unlad ng Lungsod sa TCAP, na binibigyang-diin ang mga kritikal na serbisyo na inihahatid sa pamamagitan ng mga proyekto ng pagkilos ng komunidad na pinopondohan ng TCAP. Panoorin ang **pagbabalita ng media** rito.



Mga Tampok ng mga Proyekto ng Pagkilos ng Komunidad

Patuloy na sinusuportahan ng TCAP ang paghahatid ng 21 Proyekto ng Pagkilos ng Komunidad! Noong Disyembre 2023, sa suporta ng United Way Bay Area, ang grupo para sa mga Proyekto ng Pagkilos ng Komunidad ay nagtipun- tipon sa pangalawang pagkakataon para tukuyin ang sama-samang epekto ng kanilang mga proyekto: mga resulta sa kapitbahayan na sumusuporta sa komunidad sa mas matatag na mga paraan kaysa sa kabuuan ng mga indibidwal na kinalabasan ng bawat proyekto.

Narito ang ilang kasiya-siyang update sa mga proyekto ng TCAP:

Mga Pagdiriwang ng Komunidad at Aktibidad sa Parke

Tinukoy ng grupo ang mga sama-samang epekto bilang:

- lumikha ng bagong positibong pagsasalaysay tungkol sa Tenderloin
 - dagdagan ang mga koneksyon sa komunidad
 - dagdagan ang mga pagdiriwang sa mga alagad ng sining at negosyo sa Tenderloin.
- Ang Ika-6 na Holiday Tree Lighting Ceremony ng mga Naninirahan sa Tenderloin, na inorganisa ng Kongreso ng mga Naninirahan sa Tenderloin, ay nakahatak ng pakikibahagi ng mga inihalal na opisyal at masisiglang 300 tao na dumalo sa Boeddeker Park sa Disyembre 15, 2023. Nilibang ang mga dumalo sa 10 pagganap na puno ng diwa ng kapistahan at kasiyahan.
 - Ang Sinulog Festival sa Tenderloin noong Enero 21, 2024, na idinaos ng Filipino Community Development Center sa Saint Boniface Catholic Church, ay tinanggap ang humigit-kumulang 200 masigasig na kalahok. Ipinakita sa kaganapan ang nakakabighaning pagganap kasama ang masayang paligsahan sa pagkain ng balut.
 - Isinaayos ng Southeast Asian Community Center ang Tenderloin Tet Festival noong Pebrero 3, 2024, na nakahatak ng mga inihalal na opisyal at kamanghamanghang 500 tao para ipagdiwang ang Vietnamese New Year sa Larkin Street.

Ang iba't ibang kaganapang ito ay ipinagdiwang hindi lamang ang maraming kultura sa kapitbahayan ngunit itinaguyod din ang mas matatag na ugnayan sa komunidad, na pinagkaisa ang mga residente sa pinagsaluhang pagdiriwang ng kanilang pamana at pagkakakilanlan. Gayundin, ang nadagdang paglalakad na hatid ng mga pagtitipong ito ay nagbigay ng inaasahang pampasigla sa mga lokal na negosyo. Kabilang sa mga nalalapit na pagdiriwang ng komunidad ang Tenderloin Eid Festival (Abril 20, 2024) sa 500 block Ellis St, pagbubukas na kaganapan ng Tenderloin Blackness (Mayo 2, 2024) sa Tenderloin Museum, at Flores De Mayo sa Boeddeker Park.





Mga Pag-activate sa Pampublikong Espasyo

Tinukoy ng grupo ang mga sama-samang epekto bilang:

- **mas higit pang luntiang espasyo/ available na pampublikong espasyo**
- **dinagdagang koordinasyon sa komunidad**
- **bagong kapasidad para sa pagmamay-ari at pagpapanatili**
- **dinagdagang pag-activate sa kalye**
- **pinabuting kapitbahayan**

- Ang proyektong Golden Gate Greenway ay kasalukuyang nasa proseso ng paglalagay ng kauna-unahang maliit na parke sa harap ng 826 Valencia, na nagdadagdag ng luntiang espasyo sa hanay ng 100 block ng Golden Gate Avenue. Pinalitan ng mga plastik na pangharang ng SFMTA ang mga bagong luntiang barikada at nagtanim ng mga bagong puno sa mga bagong metal na pataniman. Ilalagay ang pangalawang maliit na parke sa 111 Jones sa katapusan ng Marso 2024 at ang ikatlong maliit na parke sa Saint Boniface Church ang ilalagay sa huling bahagi ng tagsibol/ unang bahagi ng tag-araw sa 2024. Bilang panghuli, nakumpleto noong Pebrero ang bagong hardin na inisponsor ng Larkin Street Youth Services (LSYS). Ang hardin ay pananatilihin ng LSYS at didiligan ng mga miyembro ng komunidad kabilang ang dalawang beses sa isang linggo ng mga bata sa Wu Yee. Darating ang mga bago at kasiya-siyang programa sa Greenway kabilang ang isang linggong serye ng mga aktibidad (Abril 9-12) na inisponsor ng Boys and Girls Club na naglilingkod sa mga bata sa kapitbahayan sa panahon ng Spring Break.
- Ang proyektong Elm Alley School Street ay nakatanggap ng pag-apruba ng SFMTA para sa pagsasara ng kalye sa mga oras ng klase (8 am- 4 pm). Nagdagdag ng mga bagong muwebles at impraestrukturang palaruan sa kalye para magamit ng mga batang mag-aaral at iba pang programa pagkatapos ng klase. Pangitain ng proyekto ang lumikha ng ligtas, malinis at aktibong kalye para maglaro at mag-ehersisyo ang mga bata sa Paaralang Elementarya ng Komunidad ng Tenderloin at para magtipun-tipon ang kanilang mga pamilya at komunidad ng

paaralan. Maaari ring paglingkuran ng Elm Alley ang iba pang programa pagkatapos ng klase sa kapitbahayan, na nagbibigay ng bukas na espasyo kung saan may malaking kakulangan. Ang ehersisyo, laro at sining ay makakatulong sa pagpapabuti ng kaligtasan ng bahaging ito ng kapitbahayan.

- Tatlo pang proyekto ng pampublikong espasyo ang nasa yugto ng pagdidisenyo at pagsasaklaw kabilang ang: Ang Tenderloin Dog Park sa eskinita ng Myrtle ay magdaraos ng buwanang kaganapan kung saan ang mga aso at kanilang mga may-ari ay masisiyahan sa nadagdagang bukas na espasyo at mga aktibidad ng pakikisalamuha; ang proyektong Larkin Street Green Canopy ay magdadala ng mga halaman, lampara, at pinabuting pag-iilaw sa seksyon ng Little Saigon ng Larkin Street, kabilang ang dalawang magkakrus na eskinita ng Olive at Willow; at Tenderloin National Forest na maghahatid ng higit pang pagpapanatili upang magamit ng kapitbahayan ang bihirang espasyong ito.

Suporta sa Kabataan/Pamilya

Tinukoy ng grupo ang mga sama-samang epekto bilang:

- **pinabuting edukasyon at mga kinalabasan sa karera**
- **pagdagdag sa mga positibong aktibidad at pagbawas ng krimen at mga paggamit ng droga**
- **pinabuting kalusugan ng pag-iisip**
- **pagpapaunlad ng pamumuno sa komunidad**
- Ang Arab Youth and Mental Health Center ay nagbukas sa 49 Grove Street noong Nobyembre 2023 at nagbigay ng mga one-on-one na sesyon sa mahigit 30 Arabeng kabataan at pinaglingkuran ang mahigit 100 karagdagang miyembro ng pamilya para mapabuti ang kalusugan ng pag-iisip. Patuloy na magbibigay ang center ng mahahalagang serbisyo at isasara ang agwat sa paglilingkod sa mga kabataang Arabe at kanilang mga pamilya.
- Ang Teen Drop-In Center, na pinamumunuan ng Salvation Army KROC Center, ay inaasahan ding mailunsad sa maliit na grupo patungo sa katapusan ng Abril, at magbibigay ng low barrier na access sa mga pasilidad na tulad ng fitness gym, basketball gym, game room, at marami pang iba.

- Kasalukuyan ding isinasagawa ang programang Tenderloin Housing Tutoring! Naghahandog ang Programa sa mga estudyante ng libreng pagtu-tutor sa dalawang wika sa taon ng pasukan at summer break.

Kagalingan ng Komunidad

Tinukoy ng grupo ang mga sama-samang epekto bilang:

- **pinabuti at marangal na mga pamantayan sa pamumuhay**
- **dinagdagang access sa serbisyo sa pabahay at pag-angat ng katayuan sa buhay para sa mga sambahayan ng imigrante**
- **at dinagdagang kaugnayan sa pangangalaga ng kalusugan ng pag-iisip.**
- Programa sa Pagkain ng Delivering Innovation in Supportive Housing (DISH, Paghahatid ng Inobasyon sa Sumusuportang Pabahay), na nakumpleto ang serbisyo noong Disyembre 2023, naghatid ng 23,000 pagkain na inihanda ng mga negosyante sa La Cocina sa mga residente ng sumusuportang pabahay na bumabangon mula sa matagal na kawalan ng tirahan upang mapabuti ang kanilang pag-access sa may kalidad at masustansyang pagkain at kalidad ng buhay. Tinukoy ng mahigit 80 porsiyento ng mga residente na nararamdaman nila ang dignidad at paggalang sa pagtanggap ng mga pagkain ng La Cocina.
- Nagdaos ang BiSHOP ng dalawang workshop ng edukasyon sa pabahay sa Arabe na naglilingkod sa 32 miyembro ng komunidad sa dinagdagang access sa serbisyo sa pabahay at pag-angat ng katayuan sa buhay para sa mga imigranteng sambahayan.
- Ang Night Navigator Program na pinatatakbo ng Code Tenderloin sa pakikipagtulungan ng Department of Public Health ng San Francisco, ay ang pinakabagong idinagdag sa mga team na pangkalsada na tumutugon sa matagal nang kinakailangang puwang sa pagbibigay ng mga serbisyo at pangangalaga sa gabi. Mula pa noong Nobyembre 2023 hanggang sa katapusan ng Enero 2024, ang programa ay may mahigit 3,600 pakikipag-ugnayan sa kalye, na may mahigit 1,200 na buong panayam na nagresulta sa mahigit 75 koneksyon sa pagpapagamot ng paggamit ng alkohol at/o droga at mahigit 260 para sa iba pang mga serbisyong panlipunan tulad ng shelter.
- Ang TLCBD ay patuloy na ginagawang mas malinis at mas ligtas ang mga kalsada. 29 na tagapangalaga bilang bahagi ng Programa ng Pangangalaga ng Parke ay sinuportahan ang pagpapanatili sa tatlong parke at 227 kaganapang pangkomunidad. 17 Ambassador sa Ligtas na Pagdaan ay sinamahan ang mga bata, matatanda, at mga taong may mga kapansanan sa siyam na interseksyon patungo at mula sa paaralan at 43 espesyal na kaganapang pangkomunidad. 16 na miyembro ng Clean Team ang tumugon sa mahigit 13,000 tawag sa 311 para sa serbisyo para alisin ang dumi ng tao at hayop mula sa mga kalye at bangketa, pati na rin ang pag-alis ng graffiti.

Mga Update sa Istratehikong Priyoridad

1

Mga Pag-invest sa Kabataan

Ang Pagsusuri sa Agwat ng mga Serbisyo sa Kabataan ng Tenderloin Inilabas na!

Basahin ang ulat dito!

Ikinalulugod naming ibahagi ang pagkumpleto at paglabas ng Pagsusuri sa Agwat ng mga Serbisyo sa mga Kabataan sa Tenderloin. Ang ulat na ito ay sa pakikipagtulungan sa pagitan ng TCAP at ng Department of Children, Youth, and their Families (DCYF), upang tumulong sa pagbibigay-hugis sa mga desisyon sa pagpopondo ng DCYF para sa mga programang pangkabataan sa Tenderloin para sa susunod na limang taon.

Nagsagawa ang TCAP ng malalim na pagsusuri sa mga katangi-tanging pangangailangan ng kabataan sa Tenderloin, bilang pagtugon sa mga pag-aalala mula sa mga serbisyo sa magulang at kabataan ay nagbibigay ng mga katangi-tanging pangangailangan ng kabataan ng Tenderloin. Ang Tenderloin ay may pinakamataas na konsentrasyon ng mga bata at kabataan sa lungsod na nakahantad sa merkado ng droga sa araw-araw. Pinakinggan ng TCAP ang maraming alalahanin tungkol sa mga kabataan ng Tenderloin na nahahatak sa lantarang kalakal ng droga. Nagsagawa ang TCAP ng mga focus group at panayam kasama ang mga nakakonekta at hindi nakakonektang kabataan, mga pinakamahina na walang koneksyon sa anumang mga serbisyo. Natuklasan sa malalim na pagsusuring ito ang mga sumusunod na pangunahing hamon para sa mga kabataan ng Tenderloin:

1. Kakulangan ng ligtas na paggalugad ng mga bata at kabataan sa kapitbahayan.
2. Kakulangan ng programang naaangkop sa edad at walang estrukturang low barrier para sa hindi nakakonektang teens at Kabataang Nasa Edad ng Transisyon (TAY).
3. Hindi sapat na suporta para tuklasin ang kahandaan sa trabaho at paggalugad sa karera.
4. Pangangailangan sa mga pinahusay na serbisyon may kasanayan sa kultura na nakaakma sa mga katangi-tanging pangangailangan ng mga imigranteng kabataan at pamilya.
5. Kakulangan as pakikipag-ugnayan at pagpoprograma para sa mga kabataang sangkot sa sistema ng hustisya.
6. Pangangailangan sa mga pagkukumikap ng pagtutulong sa pagitan ng mga organisasyon na akma sa mga katangi-tanging pangangailangan ng mga kabataan sa Tenderloin.

Ipinapaalam ng bawat isa sa mga hamon na ito ang rekomendasyon para sa DCYF:

1. Dagdag na suporta ng mga kawani para sa ligtas na pagtuklas ng mga bata sa mga programa pagkatapos ng klase.
2. Programang low barrier at mababang estruktura para sa teens.
3. Pahusayin ang pagpapaunlad ng manggagawa at pagkahantad sa karera para sa mga teens at TAY na hindi nakakonekta.
4. Mga Programang Tumutugon sa Kultura para sa mga Imigranteng Kabataan.
5. Higit pang pakikipag-ugnayan at programang nakatuon sa mga kabataan ng Tenderloin na sangkot sa sistema ng hustisya.
6. Mga Nakatuong Kawani at Mapagkukunan para sa Programa ng Kolaborasyon at Koordinasyon ng mga Serbisyo sa Kabataan na Nakapokus sa Tenderloin.

Ang ulat ay isinumite sa DCYF para isaalang-alang



ng departamento ang aming mga natuklasan sa proseso ng paggawa ng desisyon. Ang pag-anunsyo ng mga ginawaran ay inaasahan sa unang bahagi ng Marso. Tiwala kami na tinitiyak ng kolaborasyong ito na ang mga pamumuhunan ng DCYF ay matutugunan nang sapat ang mga katangi-tanging hamon na kinakaharap ng mga kabataan sa Tenderloin, isara ang mga agwat sa mga kasalukuyang serbisyo sa kabataan, at maapektuhan nang positibo ang buhay ng mga bata, kabataan, at kanilang mga pamilya.

2

Ang mga Pag-activate sa Pampublikong Espasyo

Ay makakasama sa Diskusyon ng Working Group sa Inisyatiba!

Inaanunsyo ng TCAP ang proseso ng aplikasyon para bumuo ng Working Group para sa Inisyatiba sa Pampublikong Espasyo. Layunin ng working group na ito ang suportahan ang TCAP sa pakikipagtulungan sa mga ahensya ng Lungsod para bumuo ng mga priyoridad para sa mga pagpapabuti at pag-activate ng pampublikong espasyo, magdisenyo ng mga eksperimental na proyekto, at itaguyod ang kanilang pagpopondo at pagpapatupad sa kapitbahayan.

Kung ikaw ay interesado, mangyaring mag-apply rito. Bukas ang aplikasyon mula Marso 4 hanggang Marso 20, 2024.

Hinahangad ng inisyatibong ito ang bumuo ng Working Group ng Komunidad na hanggang 15 kalahok upang isulong ang mga sumusunod na istatehiya: • Muling pagpapasigla sa mga eskinita ng kapitbahayan:

- Baguhin ang mga eskinita at gawing bukas na espasyo at mga oportunidad na panlibangan.
- Ang disenyo ng mga pasukan sa kapitbahayan: Markahan at ipagdiwang ang pagkakakilanlan at mga lakas ng Tenderloin.
- Pagtatalaga sa mga pangkomersyong koridor at mga hot spot ng pampublikong kaligtasan-para suportahan ang mga residente at lokal na negosyo ng Tenderloin.
- Pag-activate ng mga hindi gaanong nagagamit na lote para sa libangan- upang madagdagan ang bukas na espasyo at access sa panlibangan

Hinihikayat namin ang mga interesadong miyembro ng komunidad at/o mga kinatawan para mag-apply. Naghahanap kami ng mga gagamit ng espasyo, tagapagtaguyod, eksperto o masigasig sa pampublikong espasyo para bumuo ng team na masigla at may kaalaman. Mayroong pantustos para sa mga residente ng Tenderloin at opsyonal ito para sa mga nagtatrabaho sa Tenderloin.

3

Suporta sa Maliit na Negosyo

Pag-sign up para sa Webinar na Sesyon ng Impormasyon sa Gawad ng Pagsasanay sa Pagnenegosyo (Marso 27, 3-4pm)

Pinaghahandaan ng Planning Department at ng Office of Economic and Workforce Development (OEWD) ang paglulunsad ng tatlong bagong programa ng pagpopondo sa mga darating na buwan upang suportahan ang maliit na negosyo sa Tenderloin, na pangunahing nakapokus sa muling pagpapasigla ng Little Saigon sa Larkin Street.

Babagayan nito ang mga pag-a-activate sa kalye na nakaplano sa hanay ng Larkin Street. Kabilang sa mga ito ang mga buwanang pag-activate na pinopondohan ng TCAP sa proyektong Canopy ng Myrtle Alley at Larkin Street, pati na rin ang pakikipabahagi sa Cafeteria Riot Play sa Compton at mga Dodge Alley social, na ginawang posible sa pamamagitan ng maliit na gawad ng Tenderloin Community Benefit District (TLCBD) na pinopondohan ng OEWD. Dahil sa mga hamon at karahasan sa pampublikong kaligtasan sa 100 block ng Hyde sa nakaraang ilang buwan, magdaragdag din ang TCAP ng partikular na pokus para suportahan ang mga umiiral na negosyo sa block na iyon para makihanay sa pagsusumikap ng iba pang mga ahensya upang mapabuti ang pampublikong kaligtasan.

Ang una sa tatlong gawad ng TCAP ay makukuha na ngayon para sa Pagsasanay sa Pagnenegosyo! May limitadong pagpopondo para suportahan ang mga negosyong pag-aari ng imigranteng limitado ang katatagan sa Ingles na kasalukuyang may mga tindahan sa Larkin St sa pagitan ng Golden Gate at Geary at Hyde St sa pagitan ng Golden Gate at Turk. Ang mga karapat-dapat na aplikante ay tatanggap ng \$15,000 pagkatapos makumpleto ang 12 oras na pagsasanay sa pagnenegosyo at pagbuo ng planong pangnegosyo na sinusuportahan ng New Community Leadership Foundation.

Maglalabas din ng dalawa pang oportunidad na gawad sa susunod na dalawang buwan upang mapahusay ang mga kasalukuyang tindahan at matugunan ang pagpuno ng mga bakanteng tindahan sa hanay ng Larkin Street. Manatiling nakasubaybay para sa higit pang mga detalye hinggil sa mga programang ito!

Mag-click para mag-sign up para sa sesyon ng pagbibigay ng impormasyon sa Gawad ng Pagsasanay sa Pagnenegosyo sa Marso 27, 3-4pm para matuto pa!

OEWD ay nag aalok ng isang pangwakas na round ng Storefront Opportunity Grant. Ang mga aplikante ay kailangang dumalo sa isang FINAL Commercial Lease Negotiation webinar para sa kanilang kasalukuyang programa sa Huwebes, ika 7 ng Marso mula 1PM – 3PM bago mag-apply.

Mag **sign up** para sa webinar dito. Ang huling araw ng pag aaplay ng grant ay sa Lunes, ika 8 ng Abril ng 5PM. Mag-**apply** dito!

4

Pag-activate sa mga Prioridad sa Pabahay

Tinukoy ng Tenderloin team ang mga prioridad sa pabahay ng komunidad mula sa nakaraang mga kaganapan ng pakikipag-ugnayan, Survey ng Komunidad ng Tenderloin, at sa pamamagitan ng mga pakikipag-usap sa mga organisasyong pangkomunidad at tagapagkaloob ng pabahay. Kasalukuyang tinutuklas ng TCAP ang mga oportunidad kasama ang mga katuwang sa

komunidad upang isulong ang mga patakaran at pagsusuri sa pagpapabuti ng adbokasiya sa rehabilitasyon at pagpopondo ng SRO.

Bukod dito, sumali ang TCAP sa ilang pag-uusap ng komunidad kaugnay ng mga pangangailangan sa pabahay ng komunidad ng Arabe. Batay sa mga pag-uusap na ito, sinusuri namin ang kanilang mga pangangailangan sa pabahay at kung paano namin sila mapaglilingkuran nang mas mabuti.

Pag-unlad ng mga Kalagayan sa Kalye

Ang Lungsod ay nagkakaloob ng pagsusumikap ng pakikipag-ugnayan at pagtugon sa iba't ibang kalye sa buong Lungsod, na may ilang pagsusumikap na partikular sa Tenderloin.

Ang Joint Field Operations (JFO), isang pagsisikap ng maraming departamento na pinangungunahan ng Department of Emergency Management upang mapabuti ang mga kalagayan sa kalye sa Tenderloin ay patuloy na pinatatakbo ng pitong araw kada linggo mula 9:00am – 1:00pm. **Ang iskediyul para sa Marso 2024 ay matatagpuan dito.** Ang gawain ng JFO ay nakadepende sa mga pangako mula sa ilang ahensya ng lungsod. Sa pang-araw-araw, ang lahat ng kawani mula sa SFFD, HSH, MTA, DPW, SFPD, at DEM ay samasamang nagtutulungan. Bukod dito, ilang kawani mula sa Distrito ng mga Benepisyo ng Komunidad (kabilang ang Clean Team ng TLCBD) ay nag-aambag sa pagsusumikap sa tuwing kailangan.

Nakikipagtutulungan din ang mga HSOC team at JFO sa BEST (Bridge and Engagement Services Team) Neighborhoods mula sa Office of Coordinated Care ng DPH. Inilunsad noong Marso 2023, ang Best Neighborhoods ay isang grupo ng kalusugan ng pag-uugali na nakabase sa kapitbahayan, at may iba't ibang larangan na kasama ang mga peer counselor, klinisyan, nars, at mga pansaykayatrikong praktisyoner na naglilingkod sa Tenderloin at SoMa ng 5 araw sa isang linggo. Ang BEST Neighborhoods ay nagbibigay ng pagtatasa sa kalusugan ng pag-uugali, pakikibahagi, at interbensiyong terapeutiko na nakabase sa komunidad na may layunin ng pagtransisyon sa mga tao paalis ng kalye at patungo sa pangmatagalang pangangalaga at mga suporta. **Mula Oktubre hanggang Disyembre 2023, ang BEST Neighborhoods ay nagkaroon ng 1,202 pakikipag-ugnayan sa mga**

tao sa kapitbahayan ng Tenderloin at SoMa, na nagkokonekta sa 119 na tao sa medikal na pangangalaga, 61 na tao sa pangangalaga ng kalusugan ng pag-uugali, at marami pa sa shelter at iba pang mga nagpapatuloy na suporta.

Naglunsad din ang Department of Homelessness and Supportive Housing ng apat na dedikadong kawani mula sa Homeless Outreach Team (HOT) na nakapokus sa mga eskinita ng Polk Street at Tenderloin Police District bilang bahagi ng gawad ng Estado na tinutugunan ang mga nakalugmok nang walang tirahan sa Tenderloin. Ang team ay naghahandog ng iba't ibang opsyon sa pagtatalaga para sa agarang pahinga mula sa paninirahan sa kalye, pati na rin ang mga pagtatasa sa pabahay upang malaman ang pangmatagalang pagpapalano para sa mga opsyon sa permanenteng pabahay.

Ang Night Navigator Program na pinatatakbo ng Code Tenderloin, na pinopondohan ng TCAP bilang Proyekto ng Pagkilos ng Komunidad at nasa pakikipagtulungan ng Department of Public Health, ay patuloy ring sumusuporta sa mga pagsusumikap sa pagitan ng mga ahensya ng Lungsod upang matugunan ang lantarang ekosistema ng droga sa gabi, na tumutugon sa matagal nang kinakailangang puwang sa pagbibigay ng mga serbisyo at pangangalaga sa gabi. Ang team ay nagpapakatukbo ng 4 na araw sa isang linggo mula 7am – 3am at nagbibigay ng pakikibahagi at referral at mga koneksyon sa mga mapagkukunan sa antas na pangkalsada. **Mula pa noong Nobyembre 2023 hanggang sa katapusan ng Enero 2024, ang programa ay may mahigit 3,600 pakikipag-ugnayan sa kalye, na may mahigit 1,200 na buong panayam na nagresulta sa mahigit 75 koneksyon sa**

pagpapagamot ng paggamit ng alkohol at/o droga at mahigit 260 para sa iba pang mga serbisyong panlipunan tulad ng shelter.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa iba't ibang pagsusumikap sa pagresponde sa nangyayari sa mga kalye sa San Francisco at sa kung ano ang gagawin kapag may naobserbahan kang isang taong nakakaranas ng krisis sa kalye, mangyaring pumunta sa website ng lungsod na OkaytoCall/ Programa ng Pinag-ugnay-ugnay na Pagresponde sa Kalye sa SF.

Sinuportahan din ng TCAP ang pambatasang team ng SF Planning sa pagrerepaso at pagsusuri ng **lehislasyon** na ipinakilala ni Superbisor Preston para limitahan ang konsentrasyon ng mga Establisimiyento ng Parapernalya ng Sigarilyo sa Tenderloin. Tinukoy ng mga miyembro ng komunidad ang mga negosyong ito sa kapitbahayan bilang isa pang humahatak sa lantarang pagbebenta-pagbili ng droga sa kapitbahayan. Pinakingggan ng Planning Commission ang lehislasyong ito noong Pebrero 8, 2024 at **nagrekomenda ng mga pagbabago** na higit pang ipagbawal ang ganitong uri ng paggamit. **Natagpuan ng Komisyon na ang paglaganap** ng iba't ibang tindahan na nagbebenta ng droga o parapernalya ng sigarilyo ay ang paggamit ng lupa na nagpapalala ng paggamit ng ilegal na droga sa kapitbahayan at pinipigilan din ang labis na konsentrasyon ng mga ganitong uri ng mga tindahan ang paglipat sa distrito ng mga paggamit na naglilingkod sa kapitbahayan. Ang ordinansang ito ay pakikinggan ng Lupon ng mga Superbisor sa Marso.

Ano ang dapat mong asahan...

Ilang tampok ng TCAP sa susunod na ilang buwan:

- Mga Diskusyon ng Working Group sa Inisyatiba sa Pamublikong Espasyo
- Paglabas ng mga pakikipag-ugnayan at programa para sa Maliliit na Negosyo
- Kasama sa mga Pagdiriwang sa Komunidad ang: Tenderloin Eid Event (4/20), Tenderloin Blackness event (5/2), at Kapistahang Flores de Mayo (5/5).

Umaasa kaming patuloy na maisulong ang mga proyektong hatid ng komunidad at ang mga prioridad kasama kayong lahat !

~ Tenderloin Team ng SF Planning

 **For more info:**

<https://sfplanning.org/project/tenderloin-community-action-plan>



San Francisco Planning

